PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH
PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY PINKY WEBB, THE SOURCE-CNN PHILIPPINES
April 24, 2020 (9:31 – 9:46 A.M)

WEBB: Secretary, can you hear me sir?

SEC. ROQUE: Yes, Pinky. Good morning.

WEBB: Good morning. Secretary, so pag-usapan po natin—there's a little bit of a delay sir so please bear with us. So pag-usapan po natin, really in summary Secretary Roque, extended ang ECQ to Metro Manila, III, IV-A and other high risk areas until May 15. Let's start with the ECQ so, we understand this better. What we are experiencing right now Secretary Roque under the ECQ will remain until May 15, ganoon lang ho ba kasimple iyon?

SEC. ROQUE: Yes, status quo po tayo bagama't mayroong mga pagpupulong na nangyayari po 'no na posible na pinag-aaralan ngayon iyong pagbukas hanggang trenta porsiyento ng transportasyon. Pero sa ngayon po, status quo sa mga areas na under ECQ at ang kagandahan po na hindi naman po buong Pilipinas ay naka-ECQ ngayon eh maibubuhos na natin iyong ayuda ng gobyerno sa pamamagitan ng SAP, TUPAD at iba pang programa ng iba't ibang mga departamento dito sa mga nakatira sa areas na nasa ilalim pa rin ng ECQ, kasama na po ang Metro Manila.

WEBB: Okay. Sir apart from the 30% possible transportation, ano pa ho ang maiiba sa pinalawak na ECQ?

SEC. ROQUE: Wala naman po, may mga pag-aaral pa lang 'no. Pero as is where is muna po tayo dahil ang in-explain ko nga po, ang basehan ng desisyon ay iyong kakayahan ng ating health sector na magbigay ng medical attention sa mas marami pang mga indibidwal na magkakasakit.

Kasi Pinky, hindi naman ibig sabihin na palibhasa nag-ECQ na tayo eh nawala na iyong sakit. Napabagal lang po natin iyong proseso na pagkalat ng sakit dahil ang ninanais nga po natin ay magkaroon tayo nang mas matinding kahandaan na ilatag ang mga pangangailangang medikal na kakailanganin kapag maraming nagkasakit 'no.

So nandoon pa po tayo sa punto na hindi pa tapos ang paghanda natin. Ang magiging possible demand po sa atin kapag ni-lift ang ECQ will be in excess of 70% sa ating health sector at hindi pa po tayo handa sa ganiyang sitwasyon kaya kinakailangan pa po ng additional two weeks para bigyan ng kahandaan. Pero ganoon pa man po, eh nariyan na po iyong ating 15 We Heal as One Center, at marami na po tayong We Heal as One Centers dito sa Pilipinas.

Ang second usapin po iyong testing, kinakailangan po talaga ilatag natin ang mass testing kasi kung wala po tayong mas testing, hindi natin malalaman kung nasaan ang kalaban. Ang kalaban po natin eh invisible 'no, na malalaman lang natin kung naririyan siya sa pamamagitan ng mass testing. Kaya nga po importante na hindi lang po iyong kahandaan ng health sector ang ating pagbutihin kung hindi iyong ating capability to conduct mass testing.

Eh sa ngayon po, medyo mababa pa rin pero inaasahan natin na tataas naman po iyan lalung-lalo na ngayon na nagbukas na ang PNRC ng sarili nilang testing laboratories 'no. Ako po, doon ako nagpa-test at napakabilis lang po ng proseso, hindi na inaabot ng isang araw, nakukuha na ang resulta.

WEBB: Anong klaseng test did you undergo Secretary?

SEC. ROQUE: Well so far po, I have undergone both PCR and rapid testing. At ang sabi nga po ng Presidente, gagamitin natin pareho iyan kasi bagama't wala namang perpekto dahil hindi talaga natin kilala itong kalaban natin, mas importante na test, test, test dahil kung walang testing, hindi natin malo-locate; kung hindi natin malo-locate ang mayroong mga COVID-19, hindi maa-isolate; at kung hindi maa-isolate, hindi maku-cure.

WEBB: That is actually Secretary Roque, the sentiment of a lot of people, mass testing really. Did the President order the Health Department to conduct a minimum test every day, sir?

SEC. ROQUE: Well ang sinabi nga po ng Presidente, in effect 'no sinabi niya, maski hindi po naaprubahan ng mga bureaucrat eh inaprubahan na niya ang paggamit ng pondo ng bayan para sa rapid testing 'no. Kasi bagama't ang sinasabi ni Secretary Duque eh PCR na matagal at mahal, it's the gold standard, eh talaga namang napakaimportante na ma-identify na natin kung sino talaga iyong may COVI-19. Kaya sabi niya, "*Sige ako na mananagot diyan, kung iligal iyan, sige na, ako na ang magpapakulong!*" pero gagamitin na po natin ang public funds para bumili ng rapid test kits at inaasahan po natin na magkakaroon na ng 2.2 million rapid test kit minimum at saka 900,000 PCR tests available po sa ating bansa.

WEBB: Yes. But Secretary, it's important to find out. Did the President order a minimum number of tests on a daily basis, sir?

SEC. ROQUE: Hindi po, pero in-order niya na habang pinapaigting natin iyong kapasidad ng PCR, kumalap na kaagad ng rapid testing at ito rin naman po ang ginagawa noong ibang lugar at lalung-lalo na diyan sa epicenter ngayon ng COVID-19 na sa New York 'no, na ang ginagamit talaga nila ngayon ay rapid testing. At dito sa Pilipinas po nagagalak naman po ako na nauna na po ang pribadong sektor 'no, at binibigyang-pugay ko po si PA, Presidential Adviser Joey Concepcion dahil ang Project R po ngayon ay nagsimula na noong kanilang rapid testing dito po sa Metropolitan Manila. Sinisimulan po nila sa kanilang mga empleyado at sa mga barangay kung saan nakatira ang kanilang mga empleyado.

WEBB: Empleyado?

SEC. ROQUE: Opo.

WEBB: Yeah, that's good sir because when we look at this, it's being attacked on many areas, LGU, national government, you have the business sector as well and then you have the Red Cross. Okay that's good, so wala naman pong numero. I asked that sir because I was asking Congressman Joey Salceda, sabi niya 10,000 Dr. Leachon, 10 to 15 thousand tests a day.

All right, so since wala pong sinabing number ang Presidente, let's talk about the GCQ. Doon po sa nanonood sa atin na bahagi ng General Community Quarantine which is going to be called the 'new normal', there are two categories there, which is moderate and low. Secretary Roque, ano ho ang papayagan doon sa ilalim ng GCQ?

SEC. ROQUE: Okay. Puwede na hong magbukas 100% ang mga industriyang agrikultura, iyong pangingisda, forestry, food manufacturing and entire supply chain, food retail, iyong mga supermarket, market, restaurant for takeout and delivery, healthcare, logistics, water, energy, intercom, telecoms at media.

Tapos po 50 to 100 percent pupuwede na rin iyong other manufacturing gaya po ng electronics at export, e-commerce and delivery po essential and non-essential items, retail and maintenance services, housing and office services. Tapos 50% po na pupuwedeng work-on-site and 50% work-from-home: financial services, BPO, other leisure, wholesale and retail trade, other non-leisure services.

Pero 100% closure pa rin po ang mga eskuwelahan at kino-consider po iyong late opening po sa Setyembre at the earliest, except sa online learning. Iyong leisure industry, amusement industry, gaming, fitness… wala pa rin pong mga gym, naku po tataba na ako lalo. Iyong gym industry, iyong tourism, lahat po gatherings including religious and conferences, ang mga malls limited opening lang po, at ang construction, limited opening.

Sa mga malls po, well pupuwede pong mag-operate ang mga supermarkets, drugstores, bangko, laundry service, restaurants and hardware sa mga malls under GCQ. At pupuwede pumasok iyong mga age 21 to 59 na mayroon pong ID at ito naman po ay 70% ng mall-goers, basta mayroon silang ID at hindi may sakit, subject to temperature check, subject to mandatory wearing of mask, mandatory alcohol use at limit the number of people inside the mall po.

WEBB: Opo. Doon po lumabas iyong age 21 to 59 ano Secretary Roque, because ang sinasabi 0 to 20, please correct me if I'm wrong sir ha.

SEC. ROQUE: Yes.

WEBB: 0 to 20 and 60 and above must stay home, walang excuse?

SEC. ROQUE: Opo, wala pong excuse.

WEBB: Unless of course they need to go to the hospital or some sort of emergency, sir.

SEC. ROQUE: Oo, that is by age po dahil napapatunayan po na iyong mga bata po, sila iyong pinakamalakas magkalat 'no dahil sila ay very mobile 'no, at ang mga elderly naman po, sila ang specially vulnerable to this disease.

WEBB: I understand sir. In fact that was part of the statement made by Dr. Mahar sir. Sabi nga niya parang 80% ang pinaka-mobile ay ang bata! So iyon po ang kailangan nating malaman about that – so GCQ, opening of schools possible sa September. What about school opening sir sa ECQ? Is that still being reviewed and studied?

SEC. ROQUE: Well alam ninyo po, as we build our capacity to provide health services, as we build our capacity to do testing, eventually po ang ECQ magiging GCQ rin. So sa ngayon po absolutely, we don't talk of school reopening muna sa ECQ. Pero inaasahan naman po natin na at some point our medical readiness will improve, our testing capacity will improve and we will move into GCQ. So needless to say, para pong ang earliest time na magbubukas ang eskuwelahan, Setyembre na for everyone.

WEBB: Oo. Pero gaya ng sabi ninyo, huwag muna nating pag-usapan sa ECQ, pero sa GCQ iyan ang puwede nating i-consider. Secretary thank you 'no, but is there anything else that the public needs to know?

SEC. ROQUE: Well, iyong pag-distinguish between GCQ and ECQ importante po iyan, kasi iyong second tranche ng ayuda na manggagaling sa gobyerno eh ibubuhos na lang natin po ngayon sa mga areas na under ECQ. So ibig sabihin huwag po kayo mag-alala, bagama't napahaba ang ating pagsasakripisyo, eh sigurado naman po mas dadami at mas magiging efficient ang pagbibigay ng ayuda sa atin ng gobyerno at ng pribadong sektor.

Dati po kasi sa buong Pilipinas, pinaghati-hatian natin iyong 100 billion sumatotal sa—

WEBB: Billion pesos…

SEC. ROQUE: —na binigay ng Kongreso, pero ngayon po iyong susunod na 105 billion, ibubuhos na lang po iyan doon sa areas under ECQ. So alam ko pong mahirap pa rin para sa ating mga kababayan na nasa ECQ na hindi makapagtrabaho, pero again po ay isang mapait na decision na ginawa po ng Presidente para itaguyod po iyong karapatang mabuhay ng lahat. Ang alternatibo po sa ECQ ay iyong katotohanan na napakaraming mamamatay dahil hindi po kakayanin ng ating mga ospital na magbigay ng medical services sa kanilang lahat.

WEBB: Secretary Roque, I think it's important what you said that the thrust should be from an ECQ ay mapunta tayo sa GCQ kaya po umapela ang Pangulo na sabi niya magtiis, magtiis daw na lang tayong lahat para gumanda siguro iyong sitwasyon. When will the President review the ECQ areas, or the Inter-Agency Task Force, when will they review the areas under ECQ?

SEC. ROQUE: Alam mo, it's a daily review 'no kasi tinitingnan namin iyong improved capacity of iyong mga We Heal as One Centers natin, tinitingnan natin iyong capacities natin in terms of PPEs, in terms of ventilators at saka iyong testing capacity na napakaimportante 'no.

Again ang sinabi ko mabuting balita, PNRC almost doubled our capacity and inaantay lang po natin dumating iyong rapid testing kit na inangkat mismo ng gobyerno. Bagama't iyong mga inangkat ng pribadong sektor ay nandidito na sa Pilipinas at ginagamit na.

WEBB: Yes. Sir last question, iyong sinabi ninyo pong 2 million rapid test and 900,000 PCR, very important po iyan, kailan ho dadating?

SEC. ROQUE: Well, hindi naman po lahat iyan wala pa, nandito na po iyong karamihan—marami na ring nandito po diyan. Hindi ko lang alam kung ano iyong exact data 'no.

WEBB: I see…

SEC. ROQUE: Pero sa kakayahan po ng PCR ngayon 'no, ang gobyerno po natin ay we now have capacity to conduct at least 10,000 PCR tests. At easily po itong PNCR doubled that capacity to 20,000 'no, although initially 10,000 lang per day ang PNCR and they can do better as they open more laboratories.

So we're looking really at combined capacity now of 20,000 PCR and titingnan ko po iyong numero na ginagamit ngayon ng Project R para malaman kung ilan na iyong rapid testing. But government alone will purchase 2.2 minimum rapid test kits in addition to what the private sector has already purchased.

So clearly po ‘no, if we add up the numbers, we’re looking at a healthy—it’s a 110 million population, we’re looking at 1.1 at 10%, easily the target is we should test 10% of our population. Pero ngayon po at 1.1, 2.2 and 900,000; we’re looking at not just 10% of the population ‘no or 1% ‘no. We’re looking at 2% which is a good statistical sample already to give us an indication kung ano na talaga ang rate of infection sa ating bayan.

WEBB: Okay. Presidential Spokesperson Harry Roque sir, thank you so much for your time. and take care sir.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center